Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG DISYEMBRE 3, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:05 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ........ | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ........ | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Laura P. Obligacion | ........ | Kagawad – nasa lakad opisyal |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........ | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

## KAPASIYAHAN BLG. 173-T'07

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 20-T'2007/ ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 17-T'2007 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY POBLACION I NA NAGPAPATIBAY SA KARAGDAGANG BADYET NG NABANGGIT NA BARANGAY NA MAY KABUUANG HALAGANG PITUMPU'T DALAWANG LIBO, SIYAMNARAAN PITUMPU'T PITONG PISO (P72,977.00).**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 20-T'2007/ Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 17-T'2007 ng Sang. Brgy. ng Poblacion I na naglalayong makapagdagdag ng badyet ng barangay na nagkakahalaga ng P72,977.00;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing halaga na ilalaan para sa 20% pondong pangkaunlaran (P14,595.40); 10% para sa Sang. Kabataan (P7,297.70); 5% para sa Calamity fund (P3,648.85) at sa Cash Gift (P47,435.05) ay magmumula sa karagdagang IRA (Internal Revenue Allotment) para sa taong kasalukuyan na may halagang P72,977.00;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing karagdagang badyet ng Brgy. Poblacion I ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Pambayang Lupon sa Pananalapi.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez at Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 20-T2007/ Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 17-T2007 ng Kgg. Sangguniang Barangay ng Poblacion I na nagpapatibay ng karagdagang badyet ng nabanggit na barangay na may kabuuang halagang P72,977.00.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet at Sang. Brgy. Poblacion I, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumanap na Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan